Series 7, No. 13

HYBRID RICE TIPS

PAMAMAHALA NG PESTE

Berdeng Ngusong Kabayo o *Green Leafhopper* (GLH)

Ang GLH ang nagsasalin ng sakit na tungro sa halamang palay. Ang tungro ay isa sa mga delikadong sakit ng palay lalo na pag tinamaan ito sa panahon ng pagsusuwi.

Delikadong yugto ng palay: panahon ng pagsusuwi

Pamamahala ng GLH

1. Ugaliin ang sabayang pagtatanim.

2. Gumamit ng *light traps* upang maobserbahan kung kailan ang dagsa ng peste.

3. Maglagay lamang ng tamang dami ng nitrohenong pataba. Gumamit ng *leaf color chart* upang matukoy kung kinakailangang magdagdag ng nitroheno.

4. Mahalaga ring alisin ang mga damo sa paligid dahil maaari ring manirahan ang mga GLH dito.

PAMAMAHALA NG PESTE Series 7, No. 13



Kayumangging Ngusong Kabayo o *Brown Planthopper* (BPH)

Sinisipsip nila ang katas ng palay na nagiging sanhi ng pagkatuyo o *hopperburn* kung sobrang dami nila. Nagdadala rin ito ng sakit na *virus* kagaya ng *grassy stunt* at *ragged stunt*.

Pamamahala ng BPH

1. Paramihin ang mga kaibigang organismo tulad ng putakti, gagamba, pagong-pagongan, berdeng atangya, and *water bugs* na kumakain at nagpapababa ng populasyon ng mga pesteng insekto tulad ng BPH.

2. Iwasan ang paglalagay ng madaming nitroheno.

3. Patuyuan ng 3-4 na araw ang palayan kung madami ang populasyon ng BPH.

4. Magtanim at mag-ani nang sabay-sabay.

5. Maiiwasan ang paglobo ng kanilang populasyon sa pagtatanim ng may tamang agwat (straight row planting: 20x20sm sa tag-ulan at 20x15sm sa tag-araw).

6. Iwasan ang masinsin na pagitan ng mga tanim.

5. Ipahinga ang lupa sa loob ng isang buwan.

6. Magtanim ng palay hanggang dalawang beses lamang kada taon at gumamit ng pa-agang binhi.

7. Iwasan ang sobrang paggamit ng pestisidyo dahil sa panganib na dulot nito sa tao at kapaligiran. Hindi lamang peste ang maaaring mamatay sa pag-*spray* nito. Kasabay rin nilang mamamatay ang mga kaibigang organismo.

Sinuri nina Genaro Rillon ng Crop Protection Division at Anita Antonio ng Technology Management and Services Division, Philippine Rice Research Institute

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested.